平等機會委員會
EQUAL OPPORTUNITIES COMMISSION




# Komisyon para sa Pantay-pantay na Oportunidad

Ang batas ng Hong Kong ukol sa pantay-pantay na oportunidad ay nagbabawal sa anumang uri ng diskriminasyon. Lalong lalo na, labag sa batas ang disrkiminasyon laban sa isang tao dahil sa kasarian, estadong sibil, pagbubuntis, kapansanan at lahi.

## Ano ang EOC?

Ang "Equal Opportunities Commission (EOC)" ay itinatag noong 1996 upang isagawa ang " Sex Discrimination Ordinance (SDO)", at "Disability Discrimination Ordinance (DDO)",ang Family Status Discrimination Ordinance (FSDO) at ang Ordinansa Laban sa Diskriminasyon sa Lahi o Race Discrimination Ordinance (RDO).

## Batas ukol sa pantay-pantay na oportunidad

Sa ilalim ng SDO, labag sa batas ang diskriminasyon laban sa isang tao dahil sa kasarian, estadong sibil o pagbubuntis sa mga sumusunod:

- trabaho
- edukasyon
- paglalaan ng mga bagay, serbisyo at pasilidad
- pamamahagi o pamamahala ng mga ari-arian
- karapatan sa pagboto o pagkahirang sa mga advisory bodies
- pagsali sa mga samahan
- pagsali sa mga aktibidad ng pamahalaan

Ang SDO ay nagpoprotekta din sa isang tao laban sa sexual harassment sa mga lugar ng trabaho, edukasyon, paglalaan ng mga bagay, serbisyo o pasilidad at pamamahagi o pamamahala ng mga ari-arian.

Maging sa ilalim ng DDO, labag sa batas ang pag-aalipusta sa isang tao na may kapansanan sa publiko, o magdiskrimina o manligalig ng isang tao dahil sa kapansanan sa mga sumusunod:

- trabaho
- edukasyon
- paglalaan ng mga bagay, serbisyo at pasilidad
- karapatan na pumasok sa mga pampublikong gusali
- karapatan sa pagboto o pagkahirang sa mga advisory bodies
- pagsali sa mga samahan
- pagsali sa mga aktibidad ng pamahalaan

Sa ilalim ng FSDO, labag sa batas ang pagdidiskrimina ng isang tao na may "family status". Ang pagkakatoon ng "family status" ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng pananagutan sa pag-aalaga sa malapit na miyembro ng pamilya. Ang isang malapit na miyembro"ng pamilya ay isang kamag-anak sa dugo, sa kasal, sa pag-ampon o pagkakaugnay. Sa ilalim ng FSDO, maaaring magsampa ng mga reklamo sa mga pagkakataong nakasaad sa ilalim ng SDO.

Ang Ordinansa Laban sa Diskriminasyon sa Lahi o Race Discrimination Ordinance (RDO) ay nagpoprotekta sa mga tao laban sa diskriminasyon, harassment at pag-aalipusta batay sa kanilang lahi. Ang lahi na nauugnay sa isang tao ay nangangahulugan na ang lahi, kulay, lipi, pinagmulang bansa o grupong etkniko ng isang tao. Sa ilalim ng RDO, labag sa batas magpakita ng diskriminasyon, mag-harass o mang-alipusta ng isang tao batay sa kanyang lahi. Ang RDO ay naghahandog ng proteksyon sa mga sumusunod na bagay:

- trabaho
- edukasyon
- pagtustos ng bagay, mga pasilidad o mga serbisyo
- pamamahagi o pamamahala ng mga ari-arian
- pagiging karapat-dapat na bumoto para sa o manindigan para sa paghahalal ng mga pampublikong kinatawan, atbp.
- paglalahok sa mga club

## Ano ang magagawa ng EOC para sa iyo?

Kung ikaw ay pagdiskriminahan laban dahil sa kasarian, estadong sibil, pagbubuntis, kapansanan, o family status, maaari kang magsama ng reklamo sa EOC. Ang EOC ay maaaring magsiyasat sa reklamo at sikaping gumawa ng pag-aayos. Kung walang pag-aayos ang marating, maaari kang humingi ng iba pang uri ng tulong, tulad ng tulong pang-legal. Maaari ka ring magsampa ng demanda sa District Court sa ilalim ng apat na mga ordinansa.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa Commission at sa apat na mga ordinansa, maaaring dumulog sa website ng EOC sa Internet sa http://www.eoc.org.hk, o tawagan ang tanggalan ng EOC:



**Equal Opportunities Commission**
16/F., 41 Heung Yip Road,
Wong Chuk Hang, Hong Kong
Tel: 2511-8211

**Oras ng Opisina:**

Lunes hanggang Biyernes 8:45 a.m. - 5:45 p.m.



7/2009